## PANIMULANG PAGSUSULIT

A. Basahin at intindihin ang sumusunod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Ano ang sangay ng agrikultura na may kaugnayan sa pag-aalaga ng pananim at pag-aalaga sa lupa?
   A. *Agronomy*
   B. *Horticulture*
   C. *Forestry*
   D. *Fisheries*
2. Anong paraan ng pagsasaka ang mas epektibo sa pagtatanim sa lupa na may partikular na hugis na kalimitang makikita sa mga dalisdis?
   A. *Intercropping*
   B. *Strip farming*
   C. *Contour farming*
   D. *Multiple farming*
3. Alin sa sumusunod ang HINDI isa sa mga pakinabang sa pagtatanim at pag-aalaga ng halaman?
   A. maaaring maging mapagkakitaan
   B. maaaring maging isang mabuting libangan
   C. maaaring makatulong bilang lunas sa ilang sakit
   D. maaaring maging pantaboy sa mga masasamang espiritu
4. Alin sa sumusunod ang dapat nating isipin bago magtanim sa ating bakuran o paligid?
   A. ang mga peste sa paligid
   B. ang uri ng halaman na ating itatanim
   C. ang sasabihin ng ating mga kapitbahay
   D. ang ating kikitain pagkatapos nitong tumubo
5. Alin sa sumusunod ang HINDI halamang gulay?
   A. Santan
   B. Talong
   C. Kamatis
   D. Sigarilyas
6. Alin sa sumusunod ang HINDI halamang ornamental?
   A. Rose
   B. Cauliflower
   C. Gumamela
   D. Cactus



LIVEWORKSHEETS

7. Ano ang tawag sa halaman na pinapalago dahil sa kanilang angking kagandahan?
   A. Punong-prutas
   B. Halamang-gulay
   C. Halamang ornamental
   D. Halamang gumagapang
8. Alin sa sumusunod ang halaman na HINDI maaaring mapatubo sa pamamagitan ng tuwirang paraan ng pagtatanim?
   A. Gumamela
   B. Santan
   C. Rosas
   D. Pechay
9. Paano natin mapoprotektahan ang ating mga gamit laban sa kalawang?
   A. Ibabad ito sa tubig pagkatapos gamitin.
   B. Huwag itong gamitin pagkatapos bilhin.
   C. Linisin ito nang maayos pagkatapos gamitin.
   D. Iwanan ito sa labas ng bahay umulan man o umaraw.
10. Paano makatutulong ang pagbubunot ng ligaw na damo sa paligid ng halaman na iyong pinatutubo?
   A. mas lumalamig ang paligid
   B. mas lumulusog ang iyong halaman
   C. mas gumaganda ang iyong hardin
   D. mas nagiging sariwa ang hangin

B. Ilagay ang pangalan ng sumusunod na halaman sa tamang kahon kung saan sila kabilang. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| Kamatis | Santol | Talong |
| *Bougainvillea* | Okra | Mangga |
| *Lanzones* | Sampagita | *Daisy* |
| Rambutan | | |

| Halamang-gulay | Halamang Ornamental | Punong Prutas |
|---|---|---|
| | | |



LIVEWORKSHEETS